

# Kumuha ng Payo sa Pagpapaayos, Muling Pagbangon ng Lahaina Sept. 25-30

---

**Release Date: Setyembre 22, 2023**

**MAUI, Hawai'i** –Habang naghahanda ang mga residente ng Maui na ayusin, muling itayo at i-retrofit ang kanilang mga tahanan pagkatapos ng mga malaking sunog (wildfires) noong Agosto, nakipagtulungan ang FEMA sa L?hain? Gateway Ace Hardware upang magbigay ng libreng impormasyon at mga tips sa kung paano gawing mas matatag at ligtas ang mga tahanan.

Magiging available ang mga espesyalista sa FEMA mula **Lunes, Sept. 25, hanggang Sabado, Sept. 30, sa lokasyong ito:**

**L?hain? Gateway Ace Hardware**

**325 Keawe St., Suite A101**

**L?hain?, HI 96761**

**Oras: 7 a.m. hanggang 4 p.m. Lunes hanggang Sabado**

Ang mga espesyalista ay magagamit upang sagutin ang mga tanong at mag-alok ng mga tip sa pagpapabuti ng tahanan at mga napatunayang pamamaraan upang makatulong na mabawasan ang pinsala mula sa mga sakuna. Karamihan sa impormasyon ay naglalayong sa mga pangkalahatang kontraktor o sa mga gumagawa ng trabaho sa kanilang sarili.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon mula sa sunog sa kagubatan (wildfire) sa Maui, bisitahin ang [mauicounty.gov](http://mauicounty.gov) at [fema.gov/disaster/4724](http://fema.gov/disaster/4724). I-follow ang FEMA sa social media: [@FEMARegion9](https://twitter.com/FEMARegion9) at [facebook.com/fema](https://facebook.com/fema).



**FEMA**

Page 1 of 1